Republic of the Philippines
**Civil Service Commission**
Constitution Hills, Batasang Pambansa Complex, Diliman 1126 Quezon City

100 Years of Service;
Civil Service at Its Best.
Mamamayan Muna

**M.C. No. 26 s. 2009**

**MEMORANDUM CIRCULAR**

**SA : LAHAT NG PINUNO NG MGA INSTITUSYONG KONSTITUSYONAL, MGA KAGAWARAN AT AHENSYA SA PAMAHALAANG PAMBANSA AT LOKAL, MGA KORPORASYONG PAG-AARI AT KONTROLADO NG PAMAHALAAN, AT PAMPAMAHALAANG PAMANTASAN AT KOLEHIYO**

**PAKSA : *Buwan ng Wikang Pambansa***

Alinsunod sa Proklamasyon Blg. 141, s. 1997, taunang ipinagdiriwang sa buong Pilipinas ang "Buwan ng Wikang Pambansa" tuwing Agosto 1 – 31 sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

Noong Hulyo 8, 2009 ay naglabas na ng Patalastas ang Komisyon ng Serbisyo Sibil tungkol dito.

Kaisa ng KWF, ang Komisyon ng Serbisyo Sibil bilang pangunahing ahensyang pantauhan ng bansa ay hinihikayat ang mga Punong Ahensya na makiisa sa pagdiriwang ng Okasyong ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na gawain:

1. Pag-imbita ng isang lokal na grupong tagapalabas o nagmula sa isang paaralan o pamantasan upang maghandog ng isang pangkulturang pagtatanghal na gumagamit ng Wikang Filipino sa Pagtataas ng Watawat;

2. Pagkakaroon ng patimpalak sa paglikha at paglalahad ng tula, awit, pagsulat ng maikling salaysay, at pagpapaliwanag tungkol sa serbisyo publiko, pagmamahal sa bayan o kasaysayan ng Pilipinas gamit ang Wikang Filipino; at

3. Pagpapatugtog ng mga Awiting Filipino sa mga sangay ng pamahalaan tuwing pananghalian.

Maari din kayong magplano ng mga gawain sa inyong mga tanggapan na naaayon sa apat na linggong paksa ng pagdiriwang na nakasaad sa Patalastas Bilang 38, s. 2009 na may petsang Hulyo 8, 2009.

Ipagdiwang natin ang buwan ng Agosto na siyang Buwan ng Wikang Pambansa. Nawa'y ating gunitain ang pinagmulan ng ating wika at isabuhay ang wikang sariling atin. Gamitin natin ito ng wasto at may matalinong pag iisip. Ipagmalaki natin na ang wikang ito na ating ginagamit ang siyang patuloy na nagbubuklod sa sambayanang Pilipino.

**RICARDO L. SALUDO**
Tagapangulo

31 JUL 2009